## ACTIVITY

A. Pagtugmain ang salita at larawan. Gumuhit ng linya na magdudugtong dito.



| | | | |
|---|---|---|---|
| tabak (sword) | sapa (stream) | tungkod (staff) | baluti (armor) |
| tirador (slingshot) | pastol (shepherd) | sibat (spear) | libis (valley) |

B. Gumuhit ng smiley face sa loob ng kahon kung tama ang pangungusap, at sad face naman kung ito ay mali.

☐ 1. Inutusan ni Jesse ang kanyang anak na si David na dalhan ng malinis na damit ang kanyang mga nakatatandang kapatid.

☐ 2. Ang mga Filisteo ay may higante at malakas na sundalong nagngangalang Goliath.

☐ 3. Matapang na tinanggap ng mga Israelita ang hamon ni Goliath na labanan ito.

☐ 4. Natuwa si Eliab nang makita na nakikipagusap si David sa kanyang mga kasamahan.

5. Matapang na tinanggap ni David ang hamon ni Goliath sapagkat alam niyang ang Diyos ang tutulong sa kanya upang magtagumpay.

6. Sumangayon si Haring Saul sa pakikipaglaban ni David at pinahiram niya dito ang kanyang armor.

7. Napabagsak ni David si Goliath gamit ang kanyang tirador at bato na dinampot mula sa sapa.

8. Ang tagumpay ni David sa pagkapatay kay Goliath ay nagmula sa Diyos.

Tinutulungan tayo ng Diyos na madaig ang takot. Ang mga sundalong Israelita ay puno ng takot sa presensya ni Goliath. Sila ay puno ng pag-aalinlangan. Gayunpaman, si David, isang batang pastol, ay nagpakita ng lakas ng loob at pananampalataya sa Diyos. Matututuhan nating mga bata na pag natatakot tayo, tatandaan natin na magtiwala tayo na lagi nating kasama ang Diyos. Siya ang tutulong sa atin malampasan ang ating mga kinakatakutan.



C. Gumuhit, magdesenyo at kulayan ng tirador na gagamitin ni David sa pakikipaglaban niya kay Goliath. Gamitin ang space sa ilalim.



D. Memory Verse

"Mapalad ang mga taong nagtitiwala kay Yahweh, pagpapalain ang umaasa sa kanya." **Jeremias 17:7**